# PAUNAWA MULA SA ESTADO NG CALIFORNIA

*Kodigo ng Sibil na Pamamaraan Seksyon 1179.02.5(d)*

Ang katunayan ng kinita na naka-file sa iyong maylupa ay nagpapahiwatig na ang iyong sambahayan ay mayroong hindi bababa sa 130 porsiyento ng panggitnang kinita para sa county na kung saan ang inupahang ari-arian ay matatagpuan, ayon sa inilathala ng Kagawaran ng Pabahay at Pag-uunlad ng Komunidad sa Mga Limite ng Kinita sa Opisyal na Estado sa 2020.

Bilang resulta, kapag ikaw ay umaangkin na hindi ka makapagbayad sa halagang hiniling sa paunawa na ito dahil ikaw ay nakaranas ng kagipitan sa pinansyal kaugnay sa COVID-19, kailangan mong magsumite sa iyong maylupa ng isang pagpapahayag na sumusuporta sa iyong claim kasama ang kumpletong pagpapahayag ng kagipitan sa pinansyal kaugnay sa COVID-19 na binigay sa paunawa na ito.

Kung nabigo kang magsumite ng dokumentasyon na ito kasama ang iyong pagpapahayag ng kagipitan sa pinansyal kaugnay sa COVID-19, at hindi ka rin magbayad ng halaga na hiniling sa paunawa na ito o maghatid ng pag-aari sa lugar balik sa iyong maylupa ayon sa kailangan ng paunawa na ito, hindi ka saklaw sa mga proteksyon ng pagpapaalis na isabatas ng Lehislatura ng California bilang resulta ng pandemyang COVID-19, at ang iyong maylupa ay makapagsimula sa paglilitis ng pagpapaalis laban sa iyo sa sandaling lumampas na ang 15-araw na paunawa na ito.

Para sa impormasyon tungkol sa ligal na mga mapagkukunan na iyong makukuha, bisitahin ang https://lawhelpca.org/.

Para sa impormasyon, mga mapagkukunan, at suporta, bisitahin ang http://housingiskey.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-422-4255.

.



Binago 1/28/2021